
3

# Music

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
## Tempo sa Musika




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Tempo sa Musika**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Leah A. Morales
**Editor:** Neal Keith Gonzales, Reynaldo Deocampo, Arcel Gacasan
**Tagasuri:** Marivic O. Arro, Gloria C. Sabanal, Jessel C. Marqueda
**Tagaguhit:** Maria Emmelyn F. Alinas
**Tagalapat:** Djhoane C. Aguilar
**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Jeselyn B. dela Cuesta, Reynante A. Solitario, Janwario E. Yamota, Djhoane C. Aguilar, Maria Perpetua Angelita G. Suelto, Reynaldo C. Deocampo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Music

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Tempo sa Musika

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Music sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Tempo sa Musika**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Music sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) modyul ukol sa **Tempo sa Musika**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin


Ang Musika ay pwedeng maipakita sa maraming pamamaraan. May mga awit sa musika na kailangang kantahin at tugtugin nang mabilis o mabagal. Ang awitin o tugtugin ay nagbibigay aliw at ligaya sa bawat tao.


Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


- Nakakikilala ng mabilis, katamtamang bilis at mabagal na tugtog ng musika. (MU3TP-IVb-5)
- Nakauugnay sa galaw ng tempo ang nakikita sa paligid.
- Nakatutugon sa tempo sa pamamagitan ng paggalaw at pag-awit.


# Subukin


Kilalanin ang galaw ng mga hayop sa ibaba. Tukuyin kung ang galaw ay mabilis, katamtamang bilis o mabagal. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4. 


5. 


Aralin 1


# Tempo sa Musika

## Balikan


Ang mga galaw ng hayop sa ibaba ay maihahalintulad sa bilis at bagal ng tempo. Kung ikaw ay isa sa mga hayop sa ibaba, kaya mo bang gayahin ang kanilang galaw? Sige nga, gayahin natin ang kanilang mga galaw at sagutin ang mga tanong sa ibaba.Isulat ang sagot sa kuwaderno.








1. Aling parte ng katawan ng kabayo ang ginagamit sa pagtakbo?
   a. kamay  b. paa  c. buntot  d. Ulo
2. Aling parte ng katawan ng  pagong ang ginagamit sa paglalakad?
   a. ulo  b. dibdib  c. paa  d. mata
3. Alin sa mga hayop sa itaas ang mabagal tumakbo?



a



b



c




d


## Tuklasin


Tingnan ang mga larawan na makikita sa ibaba: Ang mga larawang nakikita mo ay may iba't ibang bilis. Ang bilis ng pagtakbo ng bawat sasakyan na makikita mo sa ibaba ay maihahalintulad mo sa tempo ng musika. May mabagal, katamtamang bilis at mabilis na tempo.

Ang kalesa ay may mabagal na takbo. Ang jeep ay may katamtamang bilis ng takbo at ang eroplano ay mabilis ang takbo.

Pag-aralang mabuti ang tatlong larawan sa ibaba.





Sagutin ang mga sumusunod na katanungan.

1. Alin sa mga larawan ang mabilis tumakbo?
   a. kalesa   b. eroplano   c. jeep

2. Alin sa mga larawan ang may katamtamang bilis ng takbo?
   a. jeep   b. eroplano   c. kalesa

3. Ang tulin ng takbo ng eroplano ay _________?
   a. mabagal   b. mabilis   c. katamtamang bilis

4. Alin sa mga larawan ang may mabagal na takbo?
   a. eroplano   b. jeep   c. kalesa

5. Ang bilis ng takbo ng kalesa ay ___________?
   a. mabagal   b. katamtamang bilis   c. mabilis

## *Suriin*



Ang batang lalaki na nasa larawan ay tumatakbo paakyat ng bundok. Habang siya ay tumatakbo paakyat ng bundok, bumabagal ang kanyang galaw. Bakit? Dahil ang kanyang tinatakbuhan na direksyon ay paakyat. Kung tatakbo ka paakyat, bundok man o hagdanan ng gusali ay gagamit ka ng lakas para makaakyat sa tuktok dahil dala mo ang buong timbang ng iyong katawan.



Ang batang lalaki na nasa ikalawang larawan ay tumatakbo  pababa ng bundok. Habang siya ay tumatakbo nang pababa sa bundok, bumibilis ang kanyang galaw. Bakit? Dahil ang kanyang tinatakbuhang direksyon ay pababa. Ikaw ay gumagamit ng kaunting lakas para makababa dahil ang timbang ng iyong katawan ay magaan sa pababang direksyon.




Ang batang lalaki na nasa larawan ay tumatakbo sa  patag na daan. Habang siya ay tumatakbo, may katamtamang bilis ang kanyang galaw. Bakit? Dahil ang tinatakbuhan niyang daan ay patag. Kung sa patag na daan ka tatakbo ang timbang ng iyong katawan ay balanse at walang pwersang hahatak sa iyo pababa para bumilis at walang mabigat na timbang ng katawan na daladala upang bumagal ang takbo.

Ang galaw o direksyon ng pagtakbo ng batang lalaki sa larawan ay katulad din ng tempo ng musika. May bagal, katamtamang bilis at bilis ng galaw o awit.

# Pagyamanin

Gawain 1


Panuto. Pagtambalin ang hanay A sa hanay B. Tukuyin ang tempo kung ito ay mabilis, katamtamang bilis o mabagal. Isulat ang sagot sa papel.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
|  1 | Mabilis na tempo |
|  2 | Katamtamang bilis na tempo |





Mabagal na tempo

3



Mabagal na tempo

4



Mabilis na tempo

5

Gawain 2
Mga Panuto.

a. Subuking awitin ang mga nakaraang natutuhang mga awit.
b. Kilalanin kung ang tempo ay mabagal, katamtamang bilis o mabilis.
c. Guhitan ng hugis ang bawat pamagat ng awit. _Bilog_ kung ang awitin ay mabagal, _parihaba_ kung ang awitin ay katamtamang bilis at _paalon-alon_ kung ang awitin ay mabilis.

1.




*Pinagkukunan: pinterest.ph, image*




2.

*Pinagkukunan: pinterest.ph, music worksheets*





3.

*Pinagkukunan: bethsnotesplus.com*

4. 


*Pinagkukunan: blogarama*

5. 


*Pinagkukunan: Lucresia Kasilag, OPM for the Culture*

# Isaisip

Ang tempo ay pwedeng maipakita sa iba't ibang galaw. Pwedeng mabagal, katamtamang bilis at mabilis.

Ang bilis ng takbo o lakad ng tao sa iba't ibang direksyon, ang galaw ng iba't ibang hayop, ang bilis at bagal ng umaarangkadang sasakyan ay maihahalintulad natin sa tempo ng awit.

Ang tempo ng musika ay may tatlong uri. Ang tempong mabagal, katamtamang bilis at mabilis na galaw.

# Isagawa

Awitin natin ang *Leron, Leron Sinta*. Habang inaawit mo ang kanta, lapatan mo ng iba't ibang tempo ang liriko ayon sa ayos nito. Ang mga ayos na iyong makikita sa kantang *Leron, Leron Sinta* ay linya sa liriko, makapal na letra ng liriko at pahilig na letra ng liriko na aawitin ng sumusunod:

LINYA NG LIRIKO – mabagal

MAKAPAL NA LETRA NG LIRIKO - katatamtamang bilis


PAHILIG NA LETRA NG LIRIKO - mabilis.


Handa ka na bang umawit? Awitin  nang dalawang beses ng may iba’t ibang tempo ng musika.


| |
|---|
| **LERON, LERON SINTA** |
| **BUKO NG PAPAYA.** |
| *DALA-DALA’Y BUSLO,* |
| *SISIDLAN NG BUNGA,* |
| *PAGDATING SA DULO’Y,* |
| *NABALI ANG SANGA,* |
| KAPOS KAPALARAN, |
| HUMANAP NG IBA. |


## *Tayahin*

Kilalanin ang galaw ng sumusunod na larawan: Isulat sa patlang kung ang galaw ay nagpapakita ng *mabagal, katamtamang bilis* at *mabils*.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 

## *Karagdagang Gawain*

Sumulat ng mga hayop o bagay na maipapakita ang mabilis, katamtamang bilis at mabagal na galaw na makikita sa iyong paligid.

| Mga hayop o bagay na mabilis ang galaw | Mga hayop o bagay na katamtamang bilis ang galaw | Mga hayop o bagay na mabagal ang galaw |
|---|---|---|
| | | |

## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1 mabilis
2 mabilis
3 mabagal
4 katamtamang bilis
5 katamtamang bilis

**Tuklasin**

1 eroplano
2 jeep
3 mabilis
4 kalesa
5 mabagal

**Tayahin**

1 katamtamang bilis
2 mabagal
3 mabilis
4 mabagal
5 mabilis

**Pagyamanin**

| Gawain 1 | Gawain 2 |
|---|---|
| 1 katamtamang bilis | 1 mabilis |
| 2 mabagal | 2 katamtamang bilis |
| 3 mabilis | 3 mabilis |
| 4 mabilis | 4 mabagal |
| 5 mabagal | 5 mabagal |

# Sanggunian


- Music, Art, Physical Education and Health 3, Teacher's Guide, First Edition 2015.
- Music, Art, Physical Education and Health 3 Textbook. Sinugbuanong Bisaya, First Edition 2015.
- Curriculum Guide in Music, Grade  3, Published 2014.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph